# **Mga Tanong** ukol sa Yugto ng Pagtubo at Paglaki ng mga Permanenteng Ngipin

Ang ibig sabihin ng pagsisimula ng yugto ng pagtubo at paglaki ng mga permanenteng ngipin ay nagpatuloy ang iyong anak sa isa pang yugto ng paglaki. Bilang mga magulang, dapat matuwa kayong makita itong mangyari. Gayunpaman, mayroon ba kayo o ang inyong anak ng anumang alalahanin tungkol sa yugto ng pagtubo at paglaki ng mga permanenteng ngipin?

## Ano ang yugto ng pagtubo at paglaki ng mga permanenteng ngipin?

Sa panahon ng yugto ng pagtubo at paglaki ng mga permanenteng ngipin, magsisimulang umuga ang mga papalagas na ngipin. Sa kalaunan, isa-isa silang matatanggal at kasunod nito ang pagtubo ng mga permanenteng ngipin sa kanilang mga espasyo. Ito ang panahon na pareho at magkasabay na naroroon ang mga papalagas at permanenteng ngipin sa loob ng bibig. Karaniwang nagtatagal ang panahon na pagtubo at paglaki ng mga permanenteng ngipin na ito mula edad 6 hanggang sa humigit-kumulang na edad 13.

### Ang pangkalahatang pagkakasunod-sunod ng pagtubo ng mga permanenteng ngipin:

Sa pagitan ng 6-8 taong gulang, tutubo ang unang mga permanenteng bagang at unti-unting papalitan ng mga permanenteng ngipin ang mga papalagas na ngipin sa harap.
Sa pagitan ng 8.5-14 na taong gulang, tutubo ang mga pangil, mga premolar at pangalawang bagang para palitan ang kanilang mga papalagas na hinalinhan na ngipin.
Tutubo ang mga pangatlong bagang (wisdom teeth) sa pagitan ng 17-25 taong gulang, ngunit magkakaiba ito sa iba't ibang indibidwal. Ito ay maaari o maaaring hindi tumubo.

## Aling permanenteng ngipin ang tahimik na tumutubo nang walang anumang hinalinhan na ngipin?



Sa mga edad 6 na taong gulang, tutubo nang direkta ang unang mga permanenteng bagang sa likod ng pangalawang mga papalagas na bagang na nasa 4 na sulok ng bibig. Kilala rin ang mga ito na “six-year molars”.

Ipinakita ng pananaliksik na higit sa 80% ng pagkasira ng mga permanenteng ngipin ay ang mga “six-years molars”. Karamihan sa kanila ay nasisira pagkatapos tumubo. Ang pangunahing dahilan ay hindi batid ng mga bata ang kanilang presensya kaya napapabayaan ang pangangalaga para sa mga ito. Samakatuwid, dapat masiguro ng mga magulang na nasisipilyo nang maayos ng kanilang mga anak ang mga ngipin na ito na nasa sulok ng bibig gamit ang toothpaste na may fluoride. Dapat ding tandaan ng mga magulang na dalhin ang kanilang mga anak sa dentista isang beses sa isang taon para magpatingin upang mapanatiling malusog ang kanilang mga ngipin.

**Bakit may matutulis na gilid ang mga bagong tubong ngipin sa harap?**



Normal para sa mga bagong tubong ngipin sa harap na magkaroon ng mga matutulis na gilid o “mamelons”. Karaniwan itong mapupudpod at mapapantay sa katagalan ng panahon.



**Kung may puwang sa pagitan ng dalawang permanenteng ngipin sa harap nang sila’y tumubo at mukha silang tabingi, kailangan ba ng aking anak ang braces?**

Ang kondisyong ito ay tinatawag na “ugly duckling stage”. Ito ay isang panahon lang ng pagbabago. Sa karaniwang mga pangyayari, habang tumatanda at lumalaki ang panga at tumutubo ang mga pangil, tutuwid ang mga ngipin at magsasara ang mga puwang.



**Kung tumubo ang mga permanenteng ngipin bago ang pagtanggal ng mga papalagas na ngipin sa harap, dapat bang ipatanggal ang mga papalagas na ngipin sa harap?**



Sa pangkalahatan, matatanggal ang mga papalagas na ngipin at papalitan ng mga permanenteng ngipin. Unti-unting itutulak ng dila ang mga permanenteng ngipin papunta sa unahan sa mga normal na posisyon sa arko ng mga ngipin. Kasabay nito, ang mga papalagas na ngipin sa harap ay uuga at matatanggal, samakatuwid, hindi kinakailangan na ipatanggal ang mga papalagas na ngipin sa harap.

Pagtubo ng mga Permanenteng Ngipin sa Harap

**Kung sungki-sungki ang mga permanenteng ngipin, kinakailangan bang ipabunot ang mga katabing papalagas na ngipin para tumuwid ang mga ngipin?**

Dahil mas malalaki ang permanenteng ngipin kaysa sa mga papalagas na ngipin, at kung hindi sumabay ang paglaki ng panga sa paglabas ng mga permanenteng ngipin, walang sapat na espasyo para humanay ito nang tuwid at pansamantalang magsisiksikan ang mga permanenteng ngipin. Matutukoy lang kung tunay ang pagsisiksikan pagkatapos na mapalitan ng permanenteng ngipin ang lahat ng papalagas na ngipin at ganap na ang pagtubo ng mga buto ng panga. Samantala, kung mayroon kang anumang katanungan, maaari mo itong talakayin sa iyong dentista.



## Kailan ang pinakaangkop na panahon para sa braces (orthodontic na paggamot)?

Karaniwang kinakailangan ang orthodontic na paggamot kapag tiyak na mayroong pagkakasungki-sungki pagkatapos na tumubo ang lahat ng permanenteng ngipin at ganap na ang paglaki ng buto ng panga.

## Makakasagabal ba sa wastong paghahanay ng mga permanenteng ngipin ang mga papalagas na ngipin na hindi kaagad natanggal?

Dahil sa maliliit ang mga papalagas na ngipin, nagre-resorb ang mga ugat nito at umuuga ang mga ngipin, samakatuwid, hindi sila makakasagabal sa paghahanay ng mga permanenteng ngipin.

Maaaring magkaroon ng maraming di-inaasahang sitwasyon sa panahon ng pagpapalit ng ngipin. Mabuti na lang, karamihan sa mga ito ay pansamantala. Kung mayroon kang anumang katanungan, dapat kang kumonsulta sa iyong dentista. Oobserbahan niya at gagawa ng susunod na pagsusuri ukol sa pagtubo at paglaki ng mga ngipin ng iyong anak at makapagbibigay ng angkop na payo sa iyo.